Itinatag noong 1949 ng Lehislatura ng Estado ng Washington, responsabie ang Komisyon ng Karapatang Pantao ng Estado ng Washington sa pagbibigay at pagpapatupad ng WLAD (Washington Law Against Discrimination, Batas ng Washington Laban sa Diskriminasyon), Kabanata 49.60 ng RCW (Revised Code of Washington, Nirebisang Kodigo ng Washington).



**Panglehislatibong Pahayag ng Layunin**

"Tatawagin ang Kabanatang ito bilang batas laban sa disriminasyon. Ito ang pagpapatupad ng kapangyarihan ng pulisya ng estado para sa proteksyon ng kapakanan ng publiko, kalusugan, at kapayapaan ng mga tao sa estadong ito, at bilang pagtupad sa mga probisyon ng Konstitusyon ng estadong ito hinggil sa mga karapatang sibil. Sa pamamagitan nito, pinapagpapasyahan at idinedeklara ng lehislatura na ang mga kasanayan ng diskriminasyon laban sa sinumang naninirahan dito dahil sa...[pinoprotektahang uri]... ay usapin na alalahanin ng estado, na hindi lang mga karapatan at wastong pribilehiyo ng mga naninirahan dito ang pinagbabantaan ng nasabing diskriminasyon ngunit inilalagay rin nito sa peligro ang mga institusyon at pundasyon ng isang malaya at demokratikong estado."

**RCW 49.60.010**

**Ang mga nakakadiskriminang kasanayan sa batayan ng pinoprotektahang uri ay ilegal sa mga larangan ng:**

- Pagtatrabaho
- Pabahay at Real Estate
- Mga Lugar ng Pampublikong Akomodasyon
- Credit at Insurance

**Kasama sa Mga Pinoprotektahang Uri ang:**

- Lahi/Kulay (kasama ang istilo ng buhok)
- Bansang Pinagmulan
- Status ng Pagkamamamayan/Imigrasyon
- Pananampalataya
- Kasarian/Pagbubuntis
- Sekswal na Oryentasyon/Kinikilalang Kasarian
- Status sa Pagiging Beterano/Military
- Pagkakaroon ng anumang sensory, mental, o pisikal na aktwal na Kapansanan o ipinagpapalagay na Kapansanan
- Paggamit ng Gabay na Hayop
- HIV o Hepatitis
- Marital Status (maliban sa pampublikong akomodasyon)
- Pagpapasuso ng sanggol (sa pampublikong akomodasyon)
- Edad (40+, trabaho lang)
- Mga Pamilyang may Mga Anak (pabahay lang)
- Pagiging Whistleblower na Empleyado ng Estado.

**Ilegal din na gumanti** laban sa sinumang indibidwal na naghain o lumahok sa isang reklamo hinggil sa diskriminasyon.

**Patas na Paggamit ng Batas**

Ang WSHCR (Washington State Human Rights Commission, Komisyon sa Karapatang Pantao ng Estado ng Washington) ay isang neutral at fact-finding na ahensya ng pagpapatupad ng batas; hindi ito kumikilos bilang isang tagapagtaguyod para sa sinumang panig sa isang pag-iimbestiga, ngunit itinataguyod nito ang batas sa interes ng pagpigil at pagwawakas ng diskriminasyon.



**Proseso ng Pagrereklamo**

May obligasyon ang sinuman na sumunod sa batas at may karapatan ang sinuman na humiling ng pagreremedyo kapag may nangyaring pinsala. Ang mga reklamo na nagpaparatang ng mga paglabag sa RCW 49.60 ay dapat ihain sa loob ng anim na bauwan mula sa petsa ng pinsala; dapat ihain ang mga kaso sa pagbubuntis sa loob ng isang taon; sa pabahay, dapat ihain ang mga reklamo sa loob ng isang taon; at sa mga reklamo ng Whistleblower, sa loob ng dalawang taon. Posibleng malutas ang mga reklamo sa panahon ng pag-iimbestiga ayon sa kasunduan sa pagitan ng mga panig at sa WSHRC. Para makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa proseso ng pagrereklamo, bisitahin ang aming website o makipag-ugnayan sa isa sa aming mga tanggapan para makipag-usap sa isang opisyal sa pag-intake. **Mangyaring ipaalam sa amin kung kailangan mo ng interpreter o makatuwirang akomodasyon.**

## Edukasyon at Outreach

Ang proactive na edukasyon at pagsasanay ay isang makapangyarihang kasangkapan sa pagpigil at pagwawakas sa diskriminasyon. Kapag alam mo ang batas, nagbibigay-daan ito sa pagsunod at paggamit ng mga indibidwal na karapatan. Nakikinabang ang lahat mula sa isang malinaw na pag-unawa ng mga karapatan at responsibilidad alinsunod sa batas. Puwedeng magbigay ang Komisyon sa Karapatang Pantao ng Estado ng Washington ng mga tagapagsalita na magsasagawa ng mga edukasyonal na forum, direkta, at espesyal na pagsasanay, at magbigay ng mga publikasyon, at mga brochure tungkol sa batas laban sa diskriminasyon.

Para sa higit pang impormasyon, o para magtanong tungkol sa pagsasaayos para sa isang bisitang tagapagsalita, mangyaring makipag-ugnayan sa Headquarters Office.



## Teknikal na Tulong

Nagbibigay din ang Komisyon sa Karapatang Pantao ng Estado ng Washington ng teknikal na tulong sa mga ahensya ng pamahalaan, employer, negosyo, propesyonal sa human, abogado, at sa publiko.

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa Batas ng Washington Laban sa Diskriminasyon o tungkol sa mga nauugnay na usapin, mangyaring makipag-ugnayan sa Headquarters Office.

## Mga Lokasyon ng Komisyon sa Karapatang Pantao ng Estado ng Washington


**HEADQUARTERS**
711 S. Capitol Way, Suite 402
P.O. Box 42490
Olympia, Washington 98504-2490
360-753-6770

**SPOKANE**
Rock Pointe Plaza III
1330 N. Washington Street, Ste 2460
Spokane, Washington 99201

**YAKIMA**
1205 Ahtanum Ridge Dr., Suite C
Union Gap, WA 98903

**WENATCHEE**
519 Grant Rd
East Wenatchee, WA 98802


**WASHINGTON STATE HUMAN RIGHTS COMMISSION**
It's Not Justice If It's Not Equal

Kung kailangan mo ng higit pang impormasyon, mayroon kang karagdagang mga tanong, o gusto mo ng pagsasanay para sa iyong organisasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa WSHRC sa 360-753-6770 o 800-233-3247. Makakakita ng karagdagang impormasyon tungkol dito at sa iba pang isyu sa karapatang sibil sa aming website sa

www.hum.wa.gov

# Komisyon sa Karapatang Pantao ng Estado ng Washington




*Layunin ng Komisyon sa Karapatang Pantao ng Estado ng Washington na pigilan at wakasan ang diskriminasyon sa pamamagitan ng patas na paggamit ng batas, epektibong paggamit ng mga resource, at pagtataguyod ng mga produktibong partnership sa komunidad.*